

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Lungsod ng Brampton binigyan ng bagong pangalan ang Northampton Park at ginawang Northrup Park

BRAMPTON, ON (Abril 25, 2022) – Sa araw na ito, opisyal na binigyan ng bagong pangalan ng Lungsod ng Brampton ang Northampton Park at ginawang Northrup Park, bilang pagdakila at paggunita kay Constable Jeffrey Northrup, na namatay habang ginagawa ang tungkulin noong Hulyo 2, 2021 habang tumutugon sa isang tawag na emergency, matapos maglingkod nang higit sa 31 taon bilang isang pulis.

Si Constable Northrup ay isang residente ng Brampton. Nagsimula siya sa kanyang karera sa Court Services noong 1989, at hinirang bilang isang constable noong 1999 sa Toronto Police Service.

“Nakikiramay ako sa pamilya ni Constable Northrup, at sa mga kaibigan at ikinararangal ko na maging bahagi ng pagbibigay ng bagong pangalan nitong parke na maglilingkod bilang paalala sa kanyang katangi-tanging liderato at sakripisyo,” ayon kay Mayor Patrick Brown. Umaasa ako na ang kanyang pamilya at mga kaibigan ay bisitahin ang parke na ito, maalala siya at mapanatiling buhay ang kanyang alaala.”

“Sa ngalan ng Toronto Police Service, gusto kong pasalamatan ang Lungsod ng Brampton para sa alay na ito sa ating officer na yumao habang nasa serbisyo, si Detective Constable Jeff Northrup,” ayon sa Toronto Police Chief, James Ramer. “Ang parke na ito ay magdadala ng kanyang pangalan, magbibigay respeto sa kanyang alaala at magpapaalala sa mga tao sa halaga ng serbisyo publiko. Umaasa ako na magsisilbi ito bilang lugar ng karangalan at kaligayan para sa kanyang pamilya, mga kaibigan at sa komunidad ng Brampton.”

Si Constable Northrup at ang kanyang asawa na si Margaret, ay naging aktibong mga miyembro ng komunidad ng Brampton nang higit sa 20 taon, naugnay sa Scouts Canada, Brampton lacrosse at sa Special Olympics.

“Officer na yumao habang nasa tungkulin, mahal na mahal ni Detective Constable Jeff Northrup ang kanyang pamilya, mga kaibigan at ang kanyang komunidad ng Brampton” ayon sa Hepe ng Peel Regional Police na si Nishan Duraipah. “Ang Northrup Park ay magiging espesyal na lugar para sa mga miyembro ng ating komunidad, at sa Peel Regional Police, dahil hanggang kailanman ay magsisilbi itong paalala kung sino si Detective Constable Jeff Northrup. Tutupad ito sa commitment sa Lungsod ng Brampton at sa Rehiyon ng Peel pati sa kanyang sakripisyo sa serbisyo sa iba.

Si Constable Northrup ay inaalala para sa kanyang walang pagbabagong commitment sa komunidad, dedikasyon sa kanyang team at bilang isang mapagmahal na asawa, ama at anak. Iniwan niya ang kanyang asawa na si Margaret, tatlong anak na sina Brennen, Samantha at Mitchell, at ina, na si Diane.

Ang mga litrato mula sa event ng umaga na ito ay makikita sa [Dropbox dito](#). Paki-alay ang kredito ng litrato sa Lungsod ng Brampton.

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustenable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca